



Student/Registration Number Centre Number

2004 PUBLIC EXAMINATION

Filipino Continuers Level

Tuesday 19 October: 2 pm Eastern Standard Time

Reading Time: 10 minutes

Working Time: 2 hours and 50 minutes

- You have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions. You may not write during this time.
- Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be used.

Section 1: Listening and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 50 minutes for Section 1.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Part A

20 marks

Attempt Questions 1–5

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately*

You will hear FIVE texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

Text 5	Marks
5. (a) Why is the speaker delivering this speech at this time?	1 You may make notes in this space.
(b) 'Losers can be winners.' Explain this statement with references to the text.	6 You may make notes in this space.

Part B

10 marks

Attempt Questions 6–7

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information
- convey the information accurately and appropriately

You will hear TWO texts, one relating to Question 6 and one relating to Question 7. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

Text 6	Marks	You may make notes in this space.
<p>6. (a) What information had Maria already received from the careers adviser?</p> <p>Anong impormasyon na ang nakuha ni Maria sa taga-payong pangkarera?</p> <hr/> <hr/> <hr/>	1	
<p>(b) Why did Maria decide to go to the Careers Market?</p> <p>Bakit nagpasyang pumunta si Maria sa “Careers Market”?</p> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	2	

Text 7	Marks	You may make notes in this space.
<p>7. (a) What information in the text supports the view that the audience are the team members of the speaker?</p> <p>Anu-anong mga impormasyon na galing sa tagapagsalita ang nagpapatunay na ang mga tagapakinig ay kasapi ng kaniyang pangkat?</p>	2	
<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>		
<p>(b) How does the speaker attempt to encourage the members of the team to maintain their standard of work? In your answer, make specific references to the language used.</p> <p>Paano hinimok ng tagapagsalita ang kanyang pangkat upang manatili ang mataas na pamantayan ng kanilang gawain? Sa iyong sagot bumanggit ng mga halimbawa ng pag-gamit ng wika.</p>	5	
<hr/>		

End of Section 1

BLANK PAGE

BLANK PAGE



2004 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 1: Listening and Responding

Transcript

Section 1, Part A

Text 1 — Phone call

[Phone rings]

Response: Magandang hapon — Mabuhay Hotel room service. Si Mario po ito. Paano ko kayo matutulungan?

Caller: Ito si Mrs Castro ng silid 320. Kararating lang namin at medyo nagmamadali kami. Nakalimutan ata nang naglinis maglagay ng mga sabon sa banyo.

Magpadala ka na rin ng dalawang platong pancit at coke.

Mario: Huwag po kayong mag-alala. Ipahahatid ko na ngayon ang mga sabon at isusunod namin ang pagkain at inumin.

Mrs Castro: Ay salamat iho. Dali-dalian mo lang at kami'y talagang kapos ng panahon.

O sige. Maghihintay na ko.

Text 2

Mga kaibigan at tagapakinig, mahirap paniwalaan ito! Ngunit napag-alaman namin na hindi na naman matutuloy ang konsert ni Kristina Lopez. Ang dahilan naman ngayon? Haay... si K.L. daw ay nawalan na naman ng boses! Ilang beses ko na bang narinig ito? (with sarcasm). Kaya gaya ng dati, kung gusto ninyong maibalik ang bayad, ganito ang gawin: dalhin ninyo ang tiket sa lugar na pinagbilhan o tumawag sa telepono bilang 9899-1234.

At ngayon, isa munang patalastas.

Text 3

Darren: Hoy Angeli ang swerte mo naman, naipasa mo ang iksamen.

Angeli: Oo, Darren. Ang dami ngang naiinggit at nakakapagmaneho na ako ngayon.

Darren: Ang ikinalulungkot ko lang ay tila nabigo ko yata ang pangarap ng aking pamilya. Kasalukuyang nasa Pilipinas si Tatay at si Nanay ay hindi makapagmaneho.

Angeli: Sigurado akong naiintindihan nila na bihirang pumasa sa unang pagkuha ng iksamen. Huwag kang mag-alala, paghusayan mo nalang sa susunod. Tawagan mo lang ako kung kailangan niyong makisakay.

Text 4

Ahente: Magandang hapon po.

Maybahay: Magandang hapon naman. Tuloy ka. Maupo ka muna. Ikukuha kita ng pampalamig.

Ahente: Maraming salamat po.

Maybahay: Ano ba ang sadya mo?

Ahente: Kapansin-pansin po na kahit na matagumpay na ang inyong negosyo dito sa Australia ay Pilipinong-pilipino pa rin kayo sa puso at diwa.

Maybahay: Aba, siyempre. Ikinararangal ko ang maging isang Pilipino.

Ahente: Tiyak na magugustuhan ninyo ang iaalok ko.

Maybahay: Eh, ano ba yan?

Ahente: Alam po ba ninyo na mayroon na tayong “Pinoy TV” ngayon? Ito ay isang bagong “network” ng mga piling-piling programa sa telebisyon sa Pilipinas, gaya ng pinakasariwang balita, pagnenegosyo, drama, komedy, mga “variety” at “talk shows”, palaro at iba pa.

Maybahay: Ay, mayroon na kaming “Filipino channel”.

Ahente: Ang PTV po ay hindi lamang isang “channel”. Ito po ay isang ganap na pakikilahok sa pamumuhay Pilipino. Bukod sa mga Pilipinong programang pang telebisyon, may isang “channel” na puro pelikulang Pilipino at isa namang puro OPM, mga oriinal na musika ng mga sikat na mang-aawit.

Maybahay: Aba, magaling! Ang mahal siguro niyan.

Ahente: Magkano po ba ang binabayad ninyo ngayon?

Maybahay: Animnapu’t-pitong dolyar lamang buwan-buwan.

Ahente: Mas mura pa po ito. Limampu’t-siyam na dolyar lamang. At may bonus pa po kayo kung magpapalagay na kayo ng PTV ngayon. Libre po ang unang buwan ng inyong maligayang panonood ng “Pinoy TV”.

Maybahay: O sige, ilista mo na ako.

Text 5

Magandang umaga sa aming mga minamahal na magulang, at mga kapwa kong manlalaro.

Nais kong imulat ang inyong mga mata sa kadakilaan ng kompetisyon at ipaabot sa inyo ang mensahe na hindi natin kailangang ikahiya ang matalo sa mga bisitang manlalaro.

Nang kami'y nagpunta sa California bilang mga kinatawang manlalaro ng ating isport, naranasan namin ang hindi pangkaraniwang mataas na pagtingin sa mga bumibisitang manlalaro.

Ang bawat isa sa amin ay inanyayahang manirahan sa ibat-ibang pamilya. Sa ganitong paraan, higit na nadagdagan pa ang aming pang-pasalubong. Eh, nakabili pa nga ng bagong Nike at mga baskitbol sina Raffy, at Jo-Jo. At para sa iyo, Tatay, siempre naman, isang Tiger Woods na pang golp.

Alam ninyong natalo kami sa paligsahang iyon. Ngunit ang pakiramdam namin ay parang mga nagwagi. Nagkaroon ng pagdiriwang pagkatapos ng kompetisyon at ang mga lumahok na galing sa Sydney ay binigyan ng tag-isang trophy. May dag-dag pang regalo para sa aming mga pamilya. Ipinasyal din kami sa mga lugar na pang turista at mga “shopping mall”.

Kaya kayong mga kapwang manlalaro — intindihin ninyo na ang ating mga bisita ngayon ay mga panauhing pandangal. Ipakita sa kanila na tayo'y marunong kumilala ng utang na loob at marangal bilang mga natalo o mga nagtagumpay!

Maraming salamat.

Section 1, Part B

Text 6

- Maria: George, pupunta ka ba sa “Careers Market”?
- George: Aba, oo Maria. Maraming kaalaman ang makukuha doon tungkol sa mga karerang maaari nating patunguhan sa hinaharap.
- Maria: Eh, galing na ako kay Gng. Mercado. Binigyan na niya ako ng mga polyeto tungkol sa kursong pagtuturo. Yun lang naman ang gusto kong kunin.
- George: Mas maige pa ring pumunta ka sa “Careers Market”. Maraming mga puwesto doon na makukunan ng impormasyon tungkol sa ibat-ibang pamantasan at iba’t-ibang kursong maaari mong kunin kung gusto mong makapagturo. Makipanayam ka na rin sa mga taong naroroon. Mas marami kang mapagpipilian.
- Maria: Sasabay na lang ako sa iyo, kung gayon.

Text 7

Magandang gabi sa inyong lahat. Ako’y labis na nagagalak at nagkasama-sama tayo muli dahil sa isang layuning matagumpay na natupad. Hindi mangyayari ang lahat ng ito kundi dahil sa inyong pagsisikap at tiyaga.

Lahat kayon’g narrito ay hinahangaan ko sa ipinakita ninyong tibay at lakas sa panahon ng ating kahirapan at mga pagsubok na ating pinagdaanan.

Nakita ko sa inyo ang kaugaliang nagsilbing huwaran sa lahat. Ang pagtutulungan, pag-unawa, tiyaga, sipag, at lubos na pagmamahal at pagbibigay sa bawat isa. Kayo ang bisig at lakas ng kumpanya na nagpapatibay ng ating samahan, na hindi kayang tinagin ng ano mang bagyo. Ang lahat ng ito ay hindi matutumbasan ng ano pa mang kayamanan at natitiyak kong ito ay isang magandang pamanang maibibigay natin sa mga kabataan.

Ipinaaalala kong muli na kayo ay mga sanay na manggagawa. Nakasalalay sa inyo ang tagumpay ng ating bagong proyekto.

Maligayang bati. Lahat kayo ay aking pinupuri at pinagmamalaki bilang inyong superbisor. Sana’y magpatuloy ang inyong tagumpay.



Student/Registration Number Centre Number

2004 PUBLIC EXAMINATION

Filipino Continuers Level

Section 2: Reading and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 1 hour and 15 minutes for Section 2.
2. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet and on page 11.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Part A

20 marks

Attempt Questions 8–9

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately

8. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

ISANG MAKABAGBAG-DAMDAMING PASIYA

Pagkatapos ng sampung taong tagumpay at katanyagan sa larangan ng drama at telebisyon, sikat na artista, nag-iba ng karera!

Dream magazine: Paano ka ba naging artista at sino'ng iyong inspirasyon?

Delia Cuneta: Anim na taong gulang pa lamang ako noon. Wala pang telebisyon sa aming pook. Hinahakot ko ang aming mga kapitbahay upang manood ng aking pagsasadula ng iba't-ibang tagpong naririnig ko sa radyo.

Sinasama rin ako ng nanay ko sa kaniyang pinapasukang “recording studio.” Habang hinihintay ko siya, kung saan-saan ako nakakarating. Madalas ay ginagaya ko ang mga artista at, sa palagay ko, sa ganitong paraan ako nadiskubre ng direktor. Laking-gulat ng nanay ko nang nabigyan ako ng papel sa seryeng pang-telebisyon na pinamagatang “Kalye ang aking Tahanan.”

Dream magazine: Ano naman ang papel na ginampanan mo sa seryeng ito?

Delia Cuneta: Ako ay gumanap sa papel ni Sharon, isang batang, sa murang idad pa lamang, ay kinailangan nang lumisan ng kaniyang tahanan at apat na taong nagpalaboy-laboy sa lansangan. Dito umikot ang kaniyang buhay na punung-puno ng karanasan — ng dalamhati, kahirapan, kalungkutan at kasiyahan na rin. Ngunit ito ay mga karanasang laging nagpapahiwatig ng pag-asang ang lahat ng suliranin sa buhay ay may kalutasan.

Dream magazine: Paanong napagbago ng papel na iyong ginampanan ang pananaw mo sa buhay?

Delia Cuneta: Sa sampung taon na pag-ganap ko bilang si Sharon, natanto ko ang kahalagahan ng buhay ng tao, gaano man siya kahirap. Nakita ko ang aking sarili sa kalagayan ng mga batang lansangan. Ito ang nagtulak sa aking gumawa ng paraan upang maibsan ang kanilang paghihirap.

Question 8 continues on page 3

Question 8 (continued)

Dream magazine: Anu-anong pagbabago ang mga ginawa mo sa iyong buhay?

Delia Cuneta: Nakilahok ako sa mga gawain ng “Charity Community Centre” na nagtaguyod sa mga sawing-palad at mga batang lansangan. Nag-aranako ng mga pamamaraan ng pagtulong at pagtuturo sa kanila, tulad ng “stress management,” pagbibigay ng pang-unang lunas sa may sakit, pagluluto, pag-guhit, pag-awit at pagtugtog ng gitara at piyano. Naglilinis ako at nagaayos ng mga silid sa “centre”. Naglalaba rin ako ng maruruming damit. Sa kasalukuyan, labing-limang oras linggolingga ang ginugugol ko sa ganitong gawain.

Dream magazine: May gusto ka pa bang sabihin sa ating mga mambabasa?

Delia Cuneta: Nahirapan din akong magpalit ng karera. Subalit para akong isang bituin na bumaba sa lupa. Naniniwala ako na tama ang aking naging pasiya. Ngayon, taas noo kong haharapin ang buhay para sa isang mas maliwanag na bukas. Payak ang buhay ko ngayon, ngunit ito ay mas makabuluhan, walang pagkukunwari, malayo sa tsismis at mapanuring paningin ng madla.

Question 8 continues on page 4

Marks

Question 8 (continued)

- (a) Why is Delia being interviewed by Dream Magazine?

2

- (b) Describe the different changes Delia made in her life.

3

- (c) What made Delia change her career?

4

End of Question 8

BLANK PAGE

9. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

Ika – 7 ng Oktubre
Lunes
Malapit nang maghating – gabi!

Mahal kong dyornal,

Hoy! Gumising ka at mayroon akong sasabihin sa' yo. Makinig kang mabuti sa'kin.

Darating na raw sina Tito Edgar at Tita Beng dito sa Australia!! Biro mo yon ano?
Sa kaaantay — mukha yatang natanggap sa wakas.

Hindi nako makahintay. Kase naman, alam mong paborito ko si Tita Beng at Tito Edgar. Kasama rin nila si Rico. Huwag mo kong tatawanan — guwapo ata ang pinsang kong yon, at mabait pa. Halos “baby” pa yon noong umalis kami, subalit ngayon siguro parang artista na. Maputi at matangos ang ilong — mestiso kase. Ayan, gusto mong makilala ano? Maghintay ka!

Ang iyong kaibigan,

Tessa

Ika – 12 ng Oktubre
Biernes – Gabi

Naku! Pagod na pagod na’ko! Itong nakaraang linggo, walang hinto kaming naglinis, naglaba at nagbuhat ng mga kagamitan upang ipaghanda ang mga darating bukas.

Dito muna sila maninirahan habang naghahanap ng sarili nilang bahay. Alam mo ba, pinalayas ako ng inay? Nanggigil ako sa galit kase pinilit akong umalis sa aking silid at maki-sosyo muna kay Tina. Eh, kase naman alam mong masungit ang ate. Tiyak na mag-aaway lang kami!

O sige, inaantok na’ ko.

Question 9 continues on page 7

Question 9 (continued)

Ika – 16 ng Oktubre
Martes
Bago maghapanan

Mahal na dyornal,

Mabuti na lang nakabakasyon tayong dalawa ano? Gusto kong bumalik na sa paaralan itong darating na Lunes kase inis na inis ako sa mga bagong dating, kay ate at kay inay.

Pagkagaling sa Centrelink, tatlong beses kaming pabalik-balik sa supermarket na naghahanap ng talong at ampalaya! Bakit, kamo? Kase magluluto daw si Tita Beng ng otentik Pilipino Pakbet!

Talaga naman! Nakaabot tuloy kami Kay Tatang Mario sa East Plains. Ipinagtabi kami ni Nanang Lita ng limang talong at tatlong ampalaya.

Salamat naman at gustong-gusto kong dinadalaw ang mga matatanda. Yun lang, nakabuntot ang Tita Beng si Rico at si Inay.

Maswerte silang lahat at marunong akong magmaneho. Magpasalamat sila!

Ika – 19 ng Oktubre
Biyernes
Ika 11 ng Gabi

Dyornal, may itatanong ako sa iyo.

Ikaw ba'y nahihiapan sa pagdating ng mga kamag-anak ko? Noong una, parang masyadong maraming mga bagay-bagay na kailangang gawin at talagang napagod ako sa pagmamaneho. Aba, tsuper ata ang labas ko, di ba?

Naalala ko lamang na noong na plat kagabi ang goma ng kotsa ko, ang nagpalit ay si Tito Edgar at Rico. At ngayon na matamlay ang katawan ni inay, ang nagluto ng hapunan kanina ay si Tita Beng.

Hindi ko mapagkakaila na matrabaho at medyo magastos ang tumulong sa kamag-anak. Ang dalawang magkapatid na si Tito Edgar at inay ay umaasang matulungan ang lima nilang kapatid na naiwan sa Pilipinas.

O, kaya ba nating tulungan sila??

Ang iyong taga paghamon,

Tessa.

Question 9 continues on page 8

Marks

Question 9 (continued)

- (a) How does Tessa regard her journal?

2

- (b) What were Tessa's roles in relation to her immediate family?

4

Question 9 continues on page 9

Marks

Question 9 (continued)

- (c) What changes in Tessa's attitude are evident in the journal entries?

5

End of Question 9

Part B

10 marks

Attempt Question 10

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- understand general and specific aspects of a text by identifying, analysing, and responding to information
- convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type)

-
10. Read the text and then answer in 150–200 words in FILIPINO the question that follows.

Mga Kabataang Nagmamaneho: Gaano Kabata?

ni Lino De Castro (patnugot)

Sa magdamag lamang ay dalawang sakuna na naman ang naganap na may kinalaman sa mga sasakyang minamaneho ng mga kabataang may gulang na labimpito hanggang labingsiyam na taon. Sa una ay namatay ang nagmameneho at sa pangalawa ay nasa malubhang kalagayan ang tatlong pasahero.

Paano nga ba namang hindi mangyayari ang ganito. Kahapon ay may nakasabayang akong isang “sports car” na tumatakbo ng isandaang kilometro bawat oras sa lugar na ang “speed limit” ay animnapu lamang. Kakita-kita ko ay nakikipag-usap sa “mobile” ang batambatang tsuper habang dumadagundong ang makabasag-dibdib na kalabog ng tambol sa kaniyang “car stereo”.

Aminin na rin natin na ang mga kabataan ay mapupusok at kalimita'y natutuksong gumawa ng mga bagay na hindi tama para lamang sa katuwaan o pagpapasikat sa mga

kabarkada. At kapag dumating ang oras na mapanganib ay nahihirapang mag desisyon ng kung ano ang mas tama at ligtas na paraan ng pagmamaneho. Kadalasan ay nauuwi sa malalang sakuna ang kapusukan.

Idagdag pa rito ang kawalan ng karanasan sa pagpapatakbo at pag-aalaga ng sasakyang mga pasahero. Kung minsan may sira na ang sasakyang ay hindi pa namamalayan.

Depende na rin sa kung sino ang nagturo ng pagmaneho sa bata. Kadalasan ay natututuhan ng mga bata pati na ang mga maling ugali ng kanilang mga tagapagsanay.

Dapat lamang na ang idad ng pagbibigay ng lisensya sa pagmamaneho ay i-akyat sa labing walang taon. Kailangan ding habaan ang oras ng pagsasanay at higpitang pagpapatupad ng mga batas para sa mga nagmamanehong may lisensyang probisyonal, berde man itu o pula.

In 150–200 words, write a letter to the editor in which you discuss and support your view regarding the issue in the newspaper editorial.

Sa 150–200 na salita, sumulat ng liham sa patnugot upang talakayin ang iyong pananaw tungkol sa mga nasabing isyu.

You may make notes in this space.

Do not remove this page from the question booklet.

**Student/Registration
Number**

--	--	--	--	--	--	--	--	--

Filipino Continuers Level

Centre Number

--	--	--	--	--	--

Question 10

End of Section 2



Student/Registration Number Centre Number

2004 PUBLIC EXAMINATION

Filipino Continuers Level

Section 3: Writing in Filipino (15 marks)

Instructions to Students

1. Allow approximately 45 minutes for Section 3.
2. Write your answer to a question from Section 3 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ONE question in FILIPINO.
4. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
5. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Total marks – 15

Attempt ONE question from Questions 11–12

When judging performance in this section, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates:

- *relevance and depth of treatment of ideas, information, or opinions*
 - *accuracy and range of vocabulary and sentence structures*
 - *the capacity to structure and sequence response and capacity to use conventions of the text type*
-

Answer ONE question from this section in 200–250 words in FILIPINO.

- 11.** You have recently watched an old movie and observed how the lifestyles of people have changed through the years.

Write an article for your school newsletter in which you reflect on how lifestyles have changed.

Kapapanood mo pa lamang ng isang lumang-lumang pelikula at napansin mo ang pagbabago ng pamumuhay ng mga tao sa paglipas ng panahon.

Sumulat ka ng lathala sa pahayagang pampaaralan na nagsasalamin ng mga pagbabago sa pamumuhay.

- 12.** You have been selected as Filipino — Australian of the Year.

Write a speech for the awards ceremony that will encourage others to promote Filipino culture in the Australian setting.

Napili ka bilang Pilipinong — Australyano ng taon.

Gumawa ng isang talumpati para sa gabi ng parangal upang hikayatin ang iba na pagyamanin ang kulturang Pilipino sa Australia.

You may make notes in this space.

Question Number:

End of Section 3

BLANK PAGE

BLANK PAGE

BLANK PAGE



2004 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

**Section 1: Listening and Responding
and**

Section 2: Reading and Responding

Translation

Section 1, Part A

Text 1 — Phone conversation

[Phone rings]

MARISSA: Good afternoon – Mabuhay Hotel room service. This is Marissa. How may I help you?

MRS CASTRO: This is Mrs Castro from room 320. We've just arrived and in a bit of a hurry. But it seems that whoever cleaned-up forgot to put soap in the bathroom!!

... And while you're there, send two plates of noodles (pancit) as well as a glass of coke.

MARISSA: Please don't worry. I'll send the soap now. Food and drinks will follow.

MRS CASTRO: Thank you dear. But hurry, because we are really pressed for time.

MARISSA: If we can help you in any other way, please do not hesitate to call.

MRS CASTRO: Alright. I'll wait.

[End of conversation]

Text 2 — Announcement

Friends and listeners.

No one is going to believe this! But according to our inside source, the concert of Kristina Lopez is now cancelled. The reason for this? Well, K. L. has lost her voice again! *[With sarcasm]* How many times have we heard this? As usual, your tickets can be returned and money refunded by presenting your tickets at any point of sale or by ringing phone number 9899-1234.

Stay tune for our next announcement . . .

Text 3

Darren: Hey Angeli, you are lucky you passed the test.

Angeli: Yes, Darren. Many are envious that I'm now able to drive.

Darren: I really feel sad. It seems as though I failed my family. Dad is in the Philippines right now and Mum could not drive at all.

Angeli: I'm sure they understand that very few passes the first time they do the test. Don't worry, just do your best next time, and give me a ring if you or your family need a lift.

Text 4

Salesman: Good afternoon sir.

Customer: Good afternoon. Come in. Take your seat while I get you a cold drink.

Salesman: Thank you very much.

Customer: What can I do for you?

Salesman: I could see that while you now have a very successful business here in Australia, in heart and mind you are still a Filipino.

Customer: Oh yes, of course. I am proud to be a Filipino.

Salesman: I am sure that you will like this offer.

Customer: What is it?

Salesman: Did you know that we now have ‘pinoy TV’ – a new network of choice Filipino TV programs, like news and current affairs, business, drama, comedy, variety and talk shows, sports and many more.

Customer: Ah, but we already subscribe to the ‘Filipino channel’.

Salesman: PTV is not just a channel. It is a whole Filipino way of life. Aside from the usual TV programs, it has one channel featuring Filipino movies, and another which plays original Filipino music by popular singers and performers.

Customer: That’s great! But I’m sure it is expensive.

Salesman: How much do you currently pay for your Filipino channel?

Customer: Sixty-seven dollars a month.

Salesman: This one is even cheaper! Only fifty-nine dollars. And there’s more! You get a bonus if you subscribe now – your first month of enjoying PTV is free.

Customer: Okay, you can count me in.

Text 5

Good morning to everyone — our coaches, dear parents, fellow team members and friends.

I'm sure you're all wondering why our noisy vice-president is going to speak to us, Aren't you? My task is simple. I want to open your eyes to the nobleness of competition and convey to you the message that there is no shame in losing to visiting competitors.

When we visited California last August, as representatives of our sport, we experienced an unusually high regard for the endeavours of young people and those visiting competitors.

From the beginning, each competitor was invited to stay with different families to save paying a hotel. By doing this, we had more money to buy presents.

Well, Raffy, Bong and Jo-Jo bought new Nikes and a basketball. For myself, perfume and for Dad – of course, something from Tiger Woods for his golf.

You'll know that we lost that competition. But we felt like winners. After the competition, we had a celebration where each participant from Sydney received a trophy. They also added a gift for each of our families. While we were there, they also took us for trips to popular tourist places and to shopping malls.

So, to all of you, team members and competitors, understand that our visitors are honoured guests. Show them that we recognise a debt of gratitude and that we are honourable both in defeat and in victory.

Thank you.

Section 1, Part B

Text 6

- Maria: George, are you going to the ‘Careers Market’?
- George: Oh yes of course, Maria. We will learn a lot about the courses or careers that we can get into.
- Maria: I’ve been to Mrs Mercado. She already gave me brochures about teaching. That’s the only course I want to take.
- George: It would still be better if you go to the ‘Careers Market’. There are many stalls where you can get information about different universities and different courses leading to teaching. You can also interview knowledgeable people there. You will have a lot more options to choose from.
- Maria: I’ll go with you then.

Text 7

Good evening. I am overjoyed that we have once again come together in celebrating the successful accomplishment of our project. This would not be possible had it not been for your dedicated work and tremendous effort.

I have great admiration for the unwavering strength you have displayed in times of trial and difficulty. I have witnessed characteristics; others can look up too. Your support to one another, understanding, tolerance, perseverance, hard work and most of all the love and concern you’ve shared.

You are the pillar of the company and have strengthened our unity and integrity. We’ve withstood the test of time and overcome whatever came our way.

No amount of wealth can equal what you have done and I have no doubt that this is the best legacy and example we can leave the youth who will come after us.

May I once again remind you of the diverse range of skills already in your possession. Our company needs you to work on a new project.

Congratulations! I am indeed so proud to be your supervisor. Cheers and good luck.

Section 2, Part A

Question 8

‘Moving On Up’

For the last decade of success and fame in the field of drama on television shows, a popular actress changed her career.

Dream Magazine: How did you become an actress and who was your inspiration?

Delia Cuneta: When I was a little girl of six, we lived in an area where there was no television. So, I would gather the children in the neighbourhood and I would perform different roles I heard on the radio.

My mother used to take me to her work in a recording studio. While I’m waiting, I wandered around and would act out whatever I see. I think this is how the director discovered me. Mum was surprised when I got the role in the mini series ‘Home Along The Street’.

Dream Magazine: Tell us about your role in the mini series.

Delia Cuneta: I play the role of Sharon who has left home at a very young age and lived on the street for the next four years. The mini series took her through different experiences – sadness, hardship, joy, comfort... but all these suggest a life full of hope despite all problems.

Dream Magazine: How did those true-to-life situations change your attitude towards life?

Delia Cuneta: I think ten years of this role made me realise that life is valuable and we have to make the most of it. I can identify with the street kids and I feel I can do something about it, kind of making a difference in this world.

Dream Magazine: What changes have you made in your life?

Delia Cuneta: Since then, I’ve been involved with Charity Community Centre, a crisis centre for the homeless children. I studied stress management, first aid, cooking, arts & crafts. I’ve also learnt singing and playing a guitar and piano. I made sure that the room’s tidy and there are plenty of clean clothes available. At the moment, I now do volunteer work whenever I’m needed – about 15 hours a week.

Dream Magazine: What would you like to tell our readers now?

Delia Cuneta: Although I’m aware that it is difficult to change careers, I feel that I’m like a star that came down to earth. I know that I made the right decision. Now, I can hold my head up high and look to the future. I have a simple life. I can be the real person that I am, no pretense, no glamour, no gossips and certainly no spotlight.

Question 9

7th October
Monday
It's nearly midnight!

Dear Journal,

Hey! Wake up — because I've got something to tell you. Listen carefully to me.

Apparently, Tito Edgar and Tita Beng are now coming to Australia! Imagine that! Finally, after all the waiting, they have now been accepted.

I can't wait because you've known that Tito Edgar and Tita Beng are my favourites. Rico will be with them too. Don't laugh! That cousin of mine is so good-looking and kind as well. He was just an infant when we left, but he's probably like a movie star by now. He's fair-skinned with a nicely shaped nose — he's a mestizo you know. Well, I bet you'd like to meet him too. You'll just have to wait!

Your friend,

Tessa

12th October
Friday – Night time

Well! I'm so tired! We've done non-stop cleaning, washing and lifting things in preparation for the arrival tomorrow.

They'll stay here first while looking for a place of their own. Did you know that mum threw me out? I am so angry because she forced me to give up my own room and to share with my sister, Tina. You know she's so irritable. I'm sure we'll end up fighting!

I'm sleepy now.

16th October
Tuesday
Before dinner

Aren't they lucky we're both on holidays? I'd like to return to school on Monday because I'm so annoyed with the new arrivals, with my sister and my mum.

From centrelink, we returned three times to the supermarket, looking for talong (egg plant) and ampalaya (bitter melons). Why? Because Tita Beng wants to cook authentic Filipino Pakbet!

Well, I tell you! We ended up at Tatang Mario's in East Plains. Nanang Lita set aside 5 egg plants and 3 bitter melons. I like visiting the old couple. Thank heaven for that. But, Tita Beng, Rico and mum had to tag along.

They're all so lucky that I can drive. They should all be thankful!

Question 9 (continued)

19th October
Friday
11.00pm

Dear Journal,

I have something to ask you.

Have you been inconvenienced by my relatives? At first, there seemed to be so many things that needed to be done and I was really so tired because of driving. Well, I was their chauffeur wasn't I?

However, Tito Ed and Rico did change the flat tyre last night. Now that mum is unwell, Tita Beng washed and cooked dinner.

I can't deny that having relatives here is both tiring and quite costly. Both Tito Edgar and mum are hoping to assist their 5 other siblings who are still in the Philippines.

Well, do you think we can help them?

Your challenger,

Tessa

Section 2, Part B

Question 10

Young Drivers: How Young Should They Be?

by Lino DeCastro
(editor)

Just through the night, another two serious accidents have happened involving cars driven by young people between the ages of 17 and 19 years. The first accident led to the death of the driver and, in the second one, the three passengers were critically injured.

How can these accidents not happen? Yesterday, I saw a sportscar travelling at 100 km/h in a 60km/h zone. The young driver was busy using his mobile phone while loud percussion sounds were emanated from his car stereo.

And let's accept it. Young people are impulsive and they are often tempted to do the wrong thing just for the thrill or because of peer pressure. And at trying

times, they fail to make the right and safe decision. Impulsiveness usually leads to serious or even fatal accidents.

Add to this the lack of experience in driving and caring for vehicles and passengers. Sometimes the car is already in trouble and yet the driver fails to notice this.

It also depends on who taught the youth how to drive. Often, teenagers even pick up the wrong habits off their instructors. It's about time the prerequisite age of acquiring a drivers license be taken up to 18 years. The learning period of prospective drivers should be lengthened and, finally the laws regarding provisional drivers should be strictly implemented.